# Magpasuri na, San Francisco!

## Layunin sa Pagsusuri ng Rapid Antigen

- Makuha ang mga resulta ng COVID-19 sa loob ng 15 minuto
- Pagsusuri sa ika-5 araw o mas bago upang makabalik sa trabaho, paaralan o iba pang mga lugar na walang pangangalaga sa kalusugan
- Tumulong na pigilan ang pagkalat ng COVID-19
- Kung mayroon kang mga sintomas o nalantad sa isang taong may kilala o pinaghihinalaan na may COVID-19, dapat kang masuri anuman ang katayuan ng iyong pagbabakuna

## Maunawaan ang iyong mga Resulta

### Ano ang gagawin kung ang iyong pagsusuri ay nag POSITIBO

- Manatili sa bahay at humiwalay sa iba sa loob ng 10 araw, **o**
- Maaari kang bumalik sa trabaho pagkatapos ng 5 araw kung ikaw ay gumagaling o hindi ka nagkaroon ng mga sintomas AT negatibo ang iyong pagsusuri sa ika-5 araw o bago.
- Magsuot ng angkop na mask kung ikaw ay nasa paligid ng iba, sa loob at labas, sa kabuuan ng 10 araw mula sa simula ng iyong mga sintomas o positibong pagsusuri
- Sabihin sa iyong malalapit na nakipag-ugnayan na maaaring nalantad sila sa COVID-19
- Makipag-ugnayan sa iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga at tumawag sa 911 kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod:
    - Problema sa paghinga
    - Patuloy na pananakit o mabigat ang dibdib
    - Pagkalito
    - Nahihirapan matulog o nananatiling gising
    - Ma-asul na labi o mukha

San Francisco
Department of Public Health

### Ano ang gagawin kung ang iyong pagsu suri ay nag NEGATIBO

- Kung mayroon kang mga sintomas o nalantad, magsuot ng angkop na mask sa paligid ng iba, sa loob at labas, sa kabuuang 10 araw mula sa simula ng iyong mga sintomas o malapit na pagkakalantad sa pakikipag-ugnayan
- Kung nagsimula kang makaramdam ng mga bagong sintomas, magpasuri muli sa lalong madaling panahon, lumayo sa iba, at makipag-ugnayan sa iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga
- Kung mayroon kang mga sintomas at **walang** malapit na pakikipag-ugnayan sa isang taong may COVID-19, maaari kang bumalik sa trabaho kapag bumuti na iyong pakiramdam
- Kung malapit kang nakipag-ugnayan sa isang taong may COVID-19, alamin kung gaano katagal dapat manatili sa bahay at lumayo sa iba dito: **https://sf.gov/closecontact**

### Ano ang gagawin sa hindi malinaw na mga resulta

Maaaring kailanganin ang muling pagsusuri. Makipag-ug-nayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalaga ng pangkalusugan kung ang iyong mabilis na pagsusuri sa antigen ay hindi sigurado, o kung ito ay negatibo at mayroon kang mga alalahanin o patuloy kang nagkakaroon ng mga sintomas ng COVID-19

## Kung ang pagsusuri na ito ay hiniling ng iyong amo, mangyaring makipag-unayan sa kanila para sa mga gabay tungkol sa kung paano ibabalita ang iyong mga resulta ng pagsusuri

### Humingi ng Tulong:

- Tawagan ang linya ng COVID Response Center sa 628-217-6101 para sa mga appointment sa pagbabakuna, impormasyon sa pagsusuri, at suporta sa paghihiwalay at kuwarentina
- Ang suporta para sa mga mapagkukunan ng pagkain, pagbabayad ng bill, at iba pang pangangailangan sa serbisyong panlipunan ay matatagpuan sa: **sf.gov/covid**